


Paghahanap mga mga boluntaryong interpreters / translators para sa panahon ng kalamidad

Naghahanap ng mga interpreters / translators na maaaring tumulong nang boluntaryo sa oras na magkaroon ng malaking kalamidad !!



1. Ano ang boluntaryong interpreter / translator

Ito ang mga interpreters at translators na boluntaryong gumagawa ng pagsasalin ng wika para sa Kanagawa Prefectural Multilingual Support Center for Disaster Victims sa oras na magkaroon ng malaking kalamidad. Sa mga rehistradong indibidwal, hinihikayat ang sinumang maaaring tumulong para maging interpreters / translators para sa nabanggit na serbisyo.

2. Nilalaman ng mga gawain

- ① Pagtulong sa kunsultasyon at mga katanungan mula sa mga dayuhan (may kawani at iba pa na susuporta sa nilalaman ng kasagutan).
- ② Pagsasalin sa banyagang wika ng impormasyon mula sa punong tanggapan ng Kanagawa Prefectural Disaster Management Headquarters na nasa wikang Hapon.



3. Pook kung saan gagawin ang mga aktibidad

Sa loob ng Kanagawa Multilingual Support Center (13-F Kanagawa Kenmin Center)
2-24-2 Tsuruya-cho, Kanagawa Ward, Yokohama City, Kanagawa Prefecture

*May kaso din na ipinapagawa ang pagsasalin ng wika mula sa sariling tahanan.

4. Mga wikang hinahanap

Lahat ng wika

Pinagsisikapang makahanap ng mga translators at interpreters lalung-lalo na sa wikang Thai, Vietnamese, Laotian, Cambodian at iba pa. Kung sakaling may mga kakilalang nakakapagsalita nito, pakisuyo itong sumali sa sistema para maging isang boluntaryo.

*Paki-download ang recruitment flyers ditto

5. Kwalipikasyon

Hindi kailangan na magkaroon ng kwalipikasyon sa wika o lengguwa. Hindi rin binibigyang importansiya ang personal history, kung natutunan ito sa isang paaralan, natutunan sa sariling pag-aaral o di kaya'y ginagamit sa trabaho at iba pa.

6. Mga kondisyon para sa rehistrasyon

Kailangang makapunta sa Kanagawa Prefectural Multilingual Support Center for Disaster Victims sa oras na magkaroon ng malaking kalamidad.

7. Paraan ng pagrehistro

Pakikumpleto ang kinakailangang impormasyon sa "Disaster Interpretation / Translation Support Registration Agreement" at ipadala ito sa pamamagitan ng koreo, E-Mail o FAX sa sumusunod na tanggapan. Isasagawa ang pagrehistro base sa ginawang aplikasyon.

*Paki-download ang kopya ng "Disaster Interpretation / Translation Support Registration Agreement" dito.

Tanggapan na padadalhan:

Address	1 Nihon Odori, Naka Ward, Yokohama City, Kanagawa Prefecture Postal Code: 231-8588
Tanggapan	Planning Group, International Division, Community and Citizen's Affairs Department, Community Affairs Bureau, Kanagawa Prefecture
Telepono	045-210-3748 (direkta)
FAX	045-212-2753
E-Mail	0804p_kokusai@pref.kanagawa.jp

8. Tungkol sa Kanagawa Prefectural Multilingual Support Center for Disaster Victims

Ito ang isang tanggapan o center na nangangasiwa sa pagpapalabas ng impormasyon sa iba't-ibang wika, pagsasalin sa wika at konsultasyon sa oras na magkaroon ng malaking kalamidad sa pakikipagtulungan ng Kanagawa Prefecture at Kanagawa International Foundation.

*Pakitingnan dito ang impormasyon ukol sa ginawang kasunduan o agreement sa pagitan ng Kanagawa Prefecture at Kanagawa International Foundation (sa wikang Hapon)